**Pagbuo at Pamamahala ng Municipal Archive sa Valenzuela: Pagsusuri sa Papel ng Valenzuela City Cultural and Tourism Development Office sa Pag-preserba ng Kasaysayan at Kultura**

Ang Valenzuela City ay mayaman sa kasaysayan at kultura na nagsisilbing pundasyon ng identidad ng mga mamamayan nito. Sa ilalim ng Valenzuela City Cultural and Tourism Development Office (Valenzuela CATDO), may mga hakbang na isinasagawa upang itaguyod ang lokal na pamana, kabilang na ang pagtataguyod ng isang municipal archive. Ayon sa panayam ng mananaliksik sa Valenzuela CATDO, bumubuo pa lamang ng archive ang Valenzuela upang maging sistematiko ang pagdodokumento at pangangalaga ng mga materyales. Ang archive ay magsisilbing tagapag-ingat ng mga dokumento, larawan, at iba pang materyales na magpapalaganap ng kultura at kasaysayan ng lungsod. Paano makakapagtaguyod ang Valenzuela City Cultural and Tourism Development Office ng isang mas epektibong sistema ng archive na makakapag-preserba at makakapagpalaganap ng kasaysayan at kultura ng Valenzuela?

**Mga Katanungan:**

1. Ano ang mga pangunahing hakbang na isinagawa ng Valenzuela City Cultural and Tourism Development Officeupang mapanatili at mapalaganap ang mga materyales sa archive ng Valenzuela?
2. Paano nakakatulong ang digitalisasyon sa pagpapalawak ng aksesibilidad sa mga dokumento at materyales ng archive?

3. Anu-ano ang mga pangunahing hamon na kinaharap ng Valenzuela City Cultural and Tourism Development Officesa pagtataguyod at pamamahala ng municipal archive?

**Mga Layunin:**

1. Pag-aralan ang kasalukuyang kalagayan ng municipal archive ng Valenzuela at ang mga hakbang na isinagawa ng Valenzuela City Cultural and Tourism Development Office upang mapanatili at mapalaganap ang mga materyales nito.
2. Suriin ang epekto ng digitalisasyon sa pagpapalawak ng aksesibilidad ng archive sa publiko at sa mga turista.
3. Tuklasin ang mga pangunahing hamon sa pamamahala ng municipal archive at kung paano ito nakakaapekto sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng kasaysayan ng Valenzuela.
4. Pagsusuri sa mga potensyal na mekanismo ng pondo at suporta para sa sustainable na pagpapaunlad at pagpapalawak ng municipal archive ng Valenzuela.

---

**Ama Namin Remix: Ang Epekto ng Drag Artists tulad ni Pura Luka Vega sa Diskurso tungkol sa Kasarian at Pananampalataya**

Naging kontrobersyal ang drag artist na si Pura Luka Vega dahil sa kanyang viral na “Ama Namin Remix” na pagtatanghal, na nagresulta sa pagkakakulong niya dahil sa paratang na Blasphemy. Umani ng matinding reaksyon ang kanyang kakaibang

pagganap bilang si Jesus, na naging sentro ng diskurso tungkol sa relihiyon at kasarian sa Pilipinas. Ang pag-aaral na ito ay magtutuon sa epekto ng drag performances ni Pura Luka Vega sa mga pananaw tungkol sa relihiyon, lalo na sa Katolisismo, at LGBTQ+ rights. Sa kontekstong ang relihiyosong tradisyon sa bansa ay malalim at makapangyarihan, nagiging plataporma ang kanyang mga pagtatanghal upang hamunin ang mga konserbatibong pananaw sa kasarian at pananampalataya. Ang pangunahing tanong ng pag-aaral ay kung paano tinatanggap ng publiko ang mga drag performances na may temang relihiyon, at paano ito nakakaapekto sa laban para sa LGBTQ+ rights sa Pilipinas?

**Mga Katanungan sa Pag-aaral:**

1. Paanong paraan nakakaapekto ang paggamit ng religious satire na drag performance sa mga pananaw ng publiko patungkol sa mga isyu ng LGBTQ+?
2. Anong mga aspeto ng Katolisismo o iba pang relihiyon ang karaniwang tinutuligsa o kinukwestyon sa pamamagitan ng mga drag performances?
3. Anong mga kontrobersiya at pampublikong diskurso ang nagmula sa mga drag performance na may temang relihiyon?

**Mga Layunin ng Pag-aaral:**

1. Tuklasin ang epekto ng mga pagtatanghal ni Pura Luka Vega sa mga talakayan ukol sa mga karapatan ng LGBTQ+ sa konteksto ng Pilipinas.
2. Suriin kung paano ipinapakita ni Pura Luka Vega ang kritisismo sa mga tradisyunal na kulturang Filipino at mga relihiyosong norma sa pamamagitan ng drag performance.

3. Pag-aralan kung paano nakatutulong ang mga performance ni Vega sa pagpapalawak ng representasyon at visibility ng queer identities sa isang bansang may matibay na pananampalataya.
4. Masuri ang mga legal at sosyal na tugon sa mga kontrobersyal na pagtatanghal ni Vega at kung paano nito naipapakita ang pananaw ng lipunang Pilipino ukol sa pagpapahayag ng LGBTQ+.

---

**Komersyalisasyon o Konserbasyon: Isang Pagsusuri sa Komersyalisasyon ng First United Building sa Escolta**

Ang patuloy na urbanisasyon sa Metro Manila ay nagdudulot ng mga hamon sa konserbasyon ng mga makasaysayang gusali, tulad ng First United Building sa Escolta, isang pre-World War II Art Deco na istruktura. Ang gusaling ito ay sumasalamin sa kasaysayan at sining ng nakaraang panahon, subalit nahaharap ito ngayon sa banta ng modernisasyon at komersyalisasyon, kasama ang mga bagong pasilidad gaya ng coffee shops, bar, at mga convention space. Layunin ng pag-aaral na ito na maunawaan kung paano maaaring balansehin ang pangangailangang pang-ekonomiya at ang pagpapanatili ng makasaysayang halaga ng gusali. Sinusuri rin nito ang papel ng adaptive reuse upang ang makasaysayang gusali ay magamit nang kapaki-pakinabang sa kasalukuyan habang pinapangalagaan ang orihinal na kultura at kasaysayan nito. Sa harap ng mga pagbabagong ito, paano maaaring maabot ang balanse sa pagitan ng modernisasyon at konserbasyon?

**Mga Suliranin ng Pag-aaral:**

1. Paano nakakaapekto ang komersyalisasyon sa pagpapanatili ng First United Building?
2. Ano ang mga epektibong paraan upang mapanatili ang kasaysayan ng gusali sa kabila ng modernisasyon?
3. Ano ang patakaran at papel ng mga stakeholder sa pangangalaga ng First United Building?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Suriin ang kasalukuyang paggamit ng First United Building bilang espasyo para sa mga artist at maliliit na negosyo.
2. Tukuyin ang mga hamon at oportunidad na kaakibat ng pagpapanatili ng gusaling makasaysayan sa harap ng urbanisasyon.
3. Suriin ang epekto ng mga polisiya at regulasyon sa pagpapanatili ng makasaysayang gusali.
4. Alamin ang papel ng mga stakeholder sa pagpapanatili at pagpapayaman ng mga makasaysayang gusali.

---

## Digital na Pangangalaga ng Pamanang Kultura: Isang pag-aaral sa Digitation at Digitalization ng Pambansang Museo

Sa kasalukuyang panahon, ang digitization ay itinuturing na isang mahalagang hakbang sa pag-preserba at pagpapalaganap ng mga kultural na yaman ng Pilipinas. Ang National Museum of the Philippines, bilang isa sa mga pangunahing institusyon, ay

nagsasagawa ng mga hakbang upang gawing digital ang kanilang mga koleksyon bilang bahagi ng kanilang inisyatiba sa pangangalaga ng pamanang kultura. Kabilang sa mga artipakto na isinasama sa prosesong ito ang mga pre-kolonyal na ginto at mga tradisyunal na tela ng mga katutubong Pilipino, na may sensitibo at marupok na materyales. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang kasalukuyang estado ng mga hakbang na digitization at digitalization sa mga museo sa Pilipinas, pati na rin ang mga hamon at pagkakataon na dulot nito sa konserbasyon ng pamanang kultura. Sa ganitong konteksto, paano nakatutulong ang mga estratehiya ng digitization at digitalization sa pagpapalaganap at pagprotekta ng pamanang kultural ng Pilipinas sa harap ng mga teknolohikal at materyal na pagsubok?

**Mga Katanungan:**

1. Ano ang kasalukuyang estado ng digitization at digitalization initiatives ng Pambansang Museo?
2. Anu-ano ang mga hamon na kinakaharap sa pag-digitize ng mga pre-kolonyal na artifact?
3. Paano nakakatulong ang mga pakikipag-partner sa sektor ng teknolohiya sa digitization efforts?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Masuri ang kasalukuyang inisyatiba ng National Museum sa pag-digitize ng kanilang mga koleksyon.
2. Tukuyin ang mga partikular na artifact na may natatanging hamon sa digitization.

3. Suriin ang epekto ng mga teknolohikal na inobasyon sa pagpapabilis ng proseso ng digitization ng mga pre-kolonyal na artipakto at iba pang mga sensitibong materyales sa Pambansang Museo.
4. Kilalanin ang mga matagumpay na partnership sa pagitan ng mga museo at sektor ng teknolohiya.

---

## Sining para sa Lipunan: Isang Pag-aaral sa UGATLahi Artist Collective sa Pagsasagawa ng Rebolusyonaryong Sining

Ang UGATLahi Artist Collective ay isang grupo na nagtataguyod ng kamalayan sa mga isyung panlipunan tulad ng karapatang pantao at kalikasan sa pamamagitan ng visual na sining. Sa kabila ng mga hamon sa pondo at kakulangan sa suporta, matagumpay nilang naipapahayag ang mga adbokasiya at nakakapagbigay ng kontribusyon sa komunidad sa pamamagitan ng mga makapangyarihang visual art exhibitions at proyekto. Ang mga gawa ng UGATLahi ay nagsisilbing plataporma para sa pagtalakay at pagpapalaganap ng mga usapin na may malalim na epekto sa lipunan at kultura. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin kung paano nakatutulong ang mga visual art projects ng UGATLahi sa pagpapalawak ng kamalayan sa mga isyung panlipunan. Paano nakatutulong ang mga visual art initiatives ng UGATLahi sa pagpapalaganap ng adbokasiya at pagsuporta sa mga isyung panlipunan sa kabila ng mga hamon sa pagpopondo at suporta?

**Mga Katanungan:**

1. Paano nakakaapekto ang mga visual art project ng UGATLahi sa kamalayan ng komunidad hinggil sa mga isyung panlipunan?
2. Ano ang mga pangunahing hamon sa pagpapanatili at pagpapalawak ng UGATLahi Artist Collective?
3. Paano nakakaapekto ang kakulangan sa pondo sa pagpapatuloy ng mga proyekto ng UGATLahi at paano ito naaapektuhan ng komunidad?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Suriin ang epekto ng mga proyekto ng UGATLahi Artist Collective sa pagpapalaganap ng kamalayan sa mga isyung panlipunan sa pamamagitan ng visual na sining.
2. Alamin kung paano nakakatulong ang mga visual art project ng UGATLahi sa pagbuo ng mas aktibong komunidad sa mga isyung panlipunan.
3. Tukuyin ang mga hamon na kinakaharap ng UGATLahi sa pagpapanatili ng kanilang mga proyekto at pag-usbong bilang isang kolektibong grupo.
4. Alamin ang mga estratehiya ng UGATLahi sa pagpopondo at ang epekto ng kakulangan sa pondo sa pagpapatuloy ng kanilang mga visual art initiatives.

---

## Isang pag-aaral sa mga LGBTQ+ na Pelikula ni Jun Robles Lana bilang Sosyal na Komentaryo sa Karapatan ng LGBTQ+ sa Pilipinas

Sa paglipas ng mga taon, ang pelikulang Pilipino ay naging isang makapangyarihang kasangkapan sa pagbibigay-komentaryo ukol sa iba't ibang isyung

panlipunan, kabilang na ang karapatan ng mga LGBTQ+. Sa mga pelikula ni Jun Robles Lana gaya ng Die Beautiful (2016), Kalel ‘15 (2019), at About Us But Not About Us (2022) ipinapakita ang mga hamon, diskriminasyon, at ang proseso ng pagkilala sa pagkakakilanlan ng mga LGBTQ+ sa konteksto ng lipunang Pilipino. Subalit, sa kabila ng mga pag-unlad sa LGBTQ+ cinema, nananatili ang mga hadlang sa pagtatamo ng tunay na pagkakapantay-pantay at proteksyon sa mga karapatan ng LGBTQ+ sa bansa. Sa ganitong konteksto, ang pangunahing tanong na nais sagutin ng pag-aaral na ito ay: Paano nagiging repleksyon at kritisismo ng kasalukuyang kalagayan ng karapatang LGBTQ+ ang mga pelikulang Pilipino?

**Mga Katanungan sa Pag-aaral**

1. Paano inihahayag ng mga pelikulang Pilipino ang mga isyu at hamon na kinakaharap ng LGBTQ+ community sa bansa?
2. Anong mga tema at elemento sa pelikula ang ginagamit upang magbigay-kritisismo sa diskriminasyon at pang-aabuso sa LGBTQ+?
3. Paano nakaaapekto ang mga pelikulang ito sa pampublikong diskurso at adbokasiya para sa karapatang LGBTQ+?

**Mga Layunin ng Pag-aaral**

1. Tukuyin ang mga temang tumatalakay sa karapatang LGBTQ+ sa ilang piling pelikulang Pilipino.
2. Suriin ang mga simbolismo, karakter, at eksenang naglalaman ng mga komentaryo tungkol sa kalagayan ng mga karapatang LGBTQ+ sa Pilipinas.

3. Ihambing ang mga pagbabago sa temang LGBTQ+ sa mga pelikula kaugnay ng mga pagbabago sa lipunang Pilipino at sa mga batas na may kinalaman sa mga karapatang LGBTQ+.
4. Alamin kung paano ginagamit ng mga pelikula ang kanilang mga naratibo upang magbigay-kritisismo at mag-ambag sa adbokasiya para sa pagkakapantay-pantay ng LGBTQ+.